American Income Life Insurance Company

Executive Office: 1200 Wooded Acres Drive, Waco, Texas USA 76710
P.O. Box 2608, Waco, Texas USA 76702 • +1 (254) 761-6400 • Email: pos@ailife.com • www.ailife.com

**New Zealand Contact:** c/o AIL of New Zealand Limited
P.O. Box 15446 New Lynn, Auckland 0640 • (09) 827 9900 • Email: info@ailnz.co.nz • www.ailnz.co.nz

# Paggamit Ng Ail Na Seguro Para Bayaran Ang Mga Gastusin Sa Pagpapauwi Sa Sariling Bansa

## Ang benepisyo ng pagkamatay sa ilalim ng iyong AIL na seguro ay maaaring gamitin para bayaran ang mga gastusin sa pagpapauwi sa sariling bansa (repatriation)

Kung ikaw ay nakaseguro sa pagkamatay sa ilalim ng isang Polisiya na naisyu namin, kung gayon, kapag ikaw ay namatay, babayaran namin ang benepisyo ng pagkamatay sa benepisyaryo na nasa ilalim ng Polisiyang iyon o sa iyong ari-arian (estate).

Ang iyong benepisyaryo o ari-arian ay maaaring magpasya na gamitin ang benepisyo upang bayaran ang mga gastusin na kaugnay sa pagpapauwi ng iyong mga labi sa iyong bansa at sa transportasyon ng iyong mga ari-arian, kung ito ang iyong ninanais.

Mangyaring kausapin ang iyong pinansyal na tagapayo ng *AIL sa NZ* tungkol sa halaga ng benepisyo ng pagkamatay na maaaring makuha sa ilalim ng isang Polisiya ng AIL, kung nais mong gamitin ito upang bayaran ang mga gastusin sa pagpapauwi at transportasyon.

## Ang pagbabayad ng benepisyo ng pagkamatay ay nakasalalay sa mga kondisyon ng Polisiya

Ang pagbabayad ng benepisyo ng pagkamatay ay nakasalalay sa mga kondisyon ng Polisiya, kabilang ang anumang mga pagpupuwera o mga limitasyon.

Halimbawa, sa ilalim ng aming mga Polisiya ng seguro sa buhay, hindi kami magbabayad ng benepisyo ng pagkamatay kung ang nakasegurong tao ay nagpakamatay sa unang dalawang taon ng pag-iral ng Polisiya.

Kaya, MANGYARING BASAHING MABUTI ANG POLISIYA. Ang aktwal na Polisiya (kabilang ang anumang mga Dagdag sa Polisiya) ay may kumpletong impormasyon at nagtatakda ng anumang mga limitasyon.

(09) 827 9900 info@ailnz.co.nz ailnz.co.nz
PO Box 15446, New Lynn, Auckland 0640

## Panahon ng pagbabayad

Babayaran namin ang benepisyo ng pagkamatay sa lalong madaling panahon matapos matanggap ang balidong paghahabol.

Babayaran namin ang benepisyo ng pagkamatay sa New Zealand dollar.

## Maaari kaming tumulong sa paghanap ng isang punerarya

Maaari ka naming maiugnay o ang iyong benepisyaryo o ari-arian sa isang punerarya, na makatutulong sa paghahanda ng iyong mga labi para sa pagpapauwi sa iyong sariling bansa.

Sa iyong kahilingan, maaari rin naming ibayad nang direkta ang benepisyo ng pagkamatay (o ang bahagi nito) sa punerarya na iyong pipiliin. Ang kaayusang ito ay tutulong na gawing maayos ang proseso ng pagpapauwi sa iyong sariling bansa hangga't maaari. Inirerekomenda namin na makipag-usap ka sa iyong pinansyal na tagapayo ng *AIL sa NZ* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa opsyong ito.